
1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Paggamit ng Pangngalang Pambalana / Pantangi




CO_Q2_Filipino1_Module 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Paggamit ng Pangngalang Pambalana/ Pantangi**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Elisa S. Marcelino
**Editor:** Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe
**Tagasuri:** Ronald T. Bergado, Jovelyn G. Catiwa
**Tagaguhit:** Cheryl V. Bullong
**Tagalapat:** Rozen D. Bernales, Jestoni H. Amores

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Octavio V. Cabasag, Romel B. Costales, Felimendo M. Felipe, Jessie L. Amin, Rizalino G. Caronan, Jorge G. Saddul, Sr., Fe G. Buccahan

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Paggamit ng Pangngalang Pambalana/ Pantangi

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayangitinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mona nasa unang baitang upang malaman ang wastong paggamit sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa:

- Paggamit ng pangngalang pambalana at pangngalang pantangi.

Pagkatapos ng modyul na ito inaasahang ikaw ay:

- Magamit ang pangngalang pantangi/pambalana.
- Matukoy ang pagkakaiba ng pangngalang pantangi sa pangngalang pambalana.

## *Subukin*


Ang **Pangngalan** ay tumutukoy sa ngalan ng tao,hayop,pook, bagay, pangyayari at pakiramdam. Makinig sa babasahing pangungusap, sabihin kung alin sa mga salitang may guhit ang pangalan.

1. Si **Dang** ay isang batang **magalang**.
2. **Natutuwa** sa kanya ang kaniyang mga **magulang.**
3. Kasi **naman**, isa siyang **batang** magalang.
4. Lagi siyang **nagmamano** sa kaniyang **lolo** at **lola**.
5. Sa **paaralan** **siya** rin ay kinagigiliwan.
6. Natutuwa sa **kaniya** ang kaniyang gurong si **Gng. Marcelino**.
7. Pati ang kaibigang si **Ana** ay **mahal** na mahal siya.
8. Isang **maamong** **Poodle** ang regalo ng kaniyang kaeskuwela.
9. Noong **Buwan ng Wika** nakatanggap **siya** ng isang parangal.
10. Si Dang, ang batang **magalang** ay nagkaroon ng isang **medalya.**


## *Balikan*

Tukuyin ang mga larawan, sabihin kung ito ay **tao,bagay, pook, hayop** o **pangyayari**.





















## Mga Tala para sa Guro

**Bago ituro ang araling ito, dapat alam na ng mga mag-aaral kung ano ang pangngalan. Kabisado na nila o natutukoy na nila kung ito ay ngalan ng tao, bagay, pook o pangyayari. Sa mga nahihirapan pang magbasa, tulungan silang basahin ang nasa modyul sa pamamagitan ng altenatibong paraan gaya ng interaktibong pag-aaral gamit ang e-module. Puwede ring isagawa ang Distance Learning ara sa kanila. Sa mga mag-aaral na kaya ng magbasa, puwede ng ipaubaya sa kanila ang modyul na ito at kaunting paggabay na lang ang gagawin sa kanila. Siguraduhing suriin ang kanilang output para matiyak kung naintindihan nila ang aralin.**

## *Tuklasin*

Basahin at unawaing mabuti ang usapan ng isang mag-aaral at ang kanyang guro.



## Suriin

Basahin mo ngayon ang mga pares ng salita sa ibaba.

Tandaan: Kung hindi pa marunong magbasa ang mag-aaral, ang magulang ang siyang magbabasa ng mga salita.

| | |
|---|---|
| titser/guro | Lisa |
| mag-aaral | Dang |
| aso | Poodle |
| plasa | Diffun Plaza |
| bayan | Diffun |
| awit | Sa Ugoy ng Duyan |

Suriin ang mga salitang nakasulat sa unang hanay. Ang mga ito ay titser/ guro, mag-aaral, aso, plasa,bayan, awit.

Ang mga salitang nakasulat sa ikalawang hanay ay:Lisa, Dang, Poodle, Diffun Plaza, Diffun, Sa Ugoy ng Duyan.

Ang mga pares ng salita sa kahon ay mga **pangngalan**. Ang mga nasa unang hanay ay mga **pangngalang pambalana** samantalang ang mga nasa ikalawang hanay naman ay mga **pangngalang pantangi**.

Pansinin mong mabuti ang mga salita sa kahon.
Paano isinulat ang mga pangngalang pambalana? Ang pangngalang pantangi?

Ano ang tiyak na ngalan para sa guro o titser? Sa mag-aaral? sa bayan?

Ano ang tiyak na pangkaraniwang tawag saPoodle? sa Diffun? sa Ugoy ng Duyan?

| Pambalana | Pantangi |
|---|---|
| titser/guro | Lisa |
| mag-aaral | Dang |
| aso | Poodle |
| plasa | Diffun Plaza |
| bayan | Diffun |
| awit | Sa Ugoy ng Duyan |

Laging iisipin na ang pangngalan ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng ngalan g tao, hayop, bagay, pook o lugar, at pangyayari.

Mayroon tayong dalawang uri ng pangngalan:Pantangi at Pambalana.

Ang **Pangngalang Pantangi** ay tumutukoy sa tiyak o tanging ngalan ng tao, hayop, bagay o pangyayari.
Nagsisimula ito sa malaking titik. Ang pangalan mo ay isang uri ng pangngalang pantangi kaya isinusulat ito sa malaking titik.

*Halimbawa*:

**E**lisa **-** ito ay tiyak na ngalan ng tao. Ito ay nagsisimula sa malaking letrang **E**.

**D**iffun– ito ay tiyak na ngalan ng bayan. Ang bayan ay isang lugar. Pansinin mo, ito ay nagsisimula rin sa malaking letrang **D**.

**P**oodle**-** ito ay tiyak na ngalan ng aso. Ang aso ay isang hayop. Nagsisimula rin ito sa malaking letra kung ito ay ating isusulat.

**A**didas- ito ay tiyak na ngalan ng sapatos. At puwede rin ito sa damit. Ang sapatos at damit ay bagay. Nagsisimula rin ito sa malaking letra.

**A**raw ng **K**alayaan- ito ay tiyak na ngalan ng isang pangyayari. Ang **A** at **K** ay nagsisimula sa malalaking letra.

Ang **Pangngalang Pambalana** naman ay tumutukoy sa karaniwan o pangkalahatang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Ito ay nagsisimula sa maliit na **letra** maliban na lang kung ginagamit sa unahan ng pangungusap.

Halimbawa:

✓ 1. Bumili ako ng **papel** kahapon.
✕ 2. **papel** ang binili ko kahapon.
✓ 3. **Papel** ang binili ko kahapon.

Tama ang pagkakasulat ng salitang papel sa una at ikatlong bilang at mali sa ikalawang bilang. Kung ginagamit ang karaniwang ngalan ng pangngalan (pambalana) sa simula ng pangngusap, dapat ay nakasulat ito sa malaking titik.

# *Pagyamanin*

Narito ang mga iba’t ibang kasanayan sa paggamit ng pangngalang pambalan at pangngalan pantangi.
Subukan mong gawin.

**Gawain 1**

Ang mga nasa Hanay A ay mga karaniwan na pangngalan o mga **pangngalang pambalana.** Hanapin sa Hanay B ang tiyak na pangngalan o **pangngalang pantangi** ng mga ito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. aklat | A. Pilipinas |
| 2. bansa | B. Filipino 1 |
| 3. magandang tanawin | C. Quirino |
| 4. pagdiriwang | D. Siitan River |
| 5. lalawigan | E. Buwan ng Wika |
| 6. awit | F. Narra |
| 7. tula | G. Lupang Hinirang |
| 8. bulaklak | H. Panatang Makabayan |
| 9. bayani | I. Sampaguita |
| 10. puno | J. Dr. Jose Rizal |
| | H. Mongol |

**Gawain 2**

Isulat ang **pangngalang pambalana** para sa **pangngalang pantangi** na nasa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot sa mga pagpipiliang ibinigay. Isulat ang letra lamang. Ang nasa unang bilang ay nagawa na para sa iyo.

1. Isabela
   a. bayan                c. lalawigan
   b. lungsod              d. bansa
   **Sagot: c**

__**Magsimula Rito:**__

2. Rodrigo Duterte
   a. doktor               c. guro
   b. presidente           d. negosyante

3. Aglipay Caves
   a. kapatagan            c. kuweba
   b. burol                d. ilog

4. Mongol
   a. lapis                c. bag
   b. sapatos              d. payong

5. Agosto
   a. linggo               c. buwan
   b. araw                 d. petsa

6. Adidas
   a. tsinelas
   b. gadyet
   c. selfon
   d. sapatos

7. Ganano River
   a. bulkan
   b. ilog
   c. pulo
   d. tangway

8. Lunes
   a. araw
   b. buwan
   c. petsa
   d. taon

9. Poodle
   a. aso
   b. pato
   c. pusa
   d.manok

10. Panagdadapun Festival
    a. Pista
    b. bakasyon
    c. pahinga
    d. pagdiriwang

## Gawain 3

Ang mga salitang may guhit sa bawat bilang ay mga pangngalan. Isulat ang **PT** kung ang salitang may guhit ay Pangngalang Pantangi, PB naman kung ito ay Pangngalang Pambalana. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel. Ang unang bilang ay nagawa na para sa iyo.

1. Sa **Eco-Forest ng Diffun** naganap ang Tree Planting. **Sagot: PT**

**Magsimula Rito:**

2. Ang mga punla na itinanim nila ay puno ng **mangga**.
3. Maraming **tao** ang nakiisa sa gawain.
4. Bago nangyari ang pagtatanim ay maraming **rally** ang naganap.
5. Si Gobernador **Junie E. Cua** ang nanguna sa pagtatanim.
6. Gumamit sila ng **pala** sa paghuhukay ng butas.
7. Nilagyan din ng tubig ang **timba** upang diligan ang mga bagong tanim.
8. Sa awa ng Diyos ay nagtagumpay ang mga **mamamayan.**
9. Si **Mayor Calaunan** ang napiling presidente ng **Environment Club.**
10. Ang mga mamamayan ang pangunahing **tauhan** sa Environment Club.

## Isaisip

May natutuhan ka ba sa aralin natin ngayon?
Isiping mabuti ang kasagutan sa mga tanong na ito.

- Ano ang pangngalan?
- Ano ang dalawang uri ng pangngalan?
- Kailang ginagamit ang pangngalang pantangi?ang pangngalang pambalana?
- Paano isinusulat ang pangngalang pantangi?ang pangngalang pambalana?

## Isagawa

Isulat ang tiyak na pangngalan (**Pantangi**) para sa mga di-tiyak na pangngalan (**Pambalana**).

1. unang araw ng linggo ______________________________
2. unang buwan ng tao ______________________________
3. pambansang kasuotan ______________________________
4. pambansang bayani ______________________________
5. kasalukuyang presidente ng Pilipinas ___________________

## *Tayahin*

Lagyan ng **pangngalang pantangi** ang patlang upang mabuo ang talata. Ang unang bilang ay nasagot na para sa iyo.

**<u>Sabado</u>** ng umaga, si____________ay pumunta sa ____________
*(1. araw)* *(2. pangalan)* *(3. pook)*
upang magbisikleta. Kasama niya ang kaniyang mgamagulang na sina Aling_at Mang______________________.
*(4. nanay)* *(5.tatay)*

Nang oras na ng pananghalian, kumain sila sa
__________ at doon ay nakita niya ang kaniyang
*(6.restoran)*
Dalawang kaibigan na sina____________________at _________________
*(7.pangalan)* *(8. pangalan)*
Masaya silang nagkuwentuhan.

# *Karagdagang Gawain*

Aling pangngalan ang hindi dapat mapabilang sa pangkat? Kopyahin ito at tukuyin kung ang salitang ito aypangngalang pantangi o pambalana. Isulat ang sagot sa Filipino notbuk.

Halimbawa:

Cagayan, Batanes, Isabela, lalawigan

Sagot: lalawigan – pambalana

Magsimula rito:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. lapis | bag | Jose Rizal | papel |
| 2. kalabaw | pusa | aso | Kuting |
| 3. Pilipinas | bansa | Malaysia | Taiwan |
| 4. Balamban | Mammangui | pagdiriwang | Bambanti |
| 5. Dalag | Tilapia | Bangus | isda |

# Susi sa Pagwawasto

**PAGYAMANIN**

| Gawain 1 | Gawain 3 |
|---|---|
| 1. B | 1. PT |
| 2. A | 2. PB |
| 3. D | 3. PB |
| 4. E | 4. PT |
| 5. C | 5. PB |
| 6. G | 6. PB |
| 7. H | 7. PB |
| 8. I | 8. PB |
| 9. J | 9. PT |
| 10.F | 10.PB |

**Gawain 2**

1. c
2. b
3. c
4. a
5. c
6. d
7. b
8. a
9. a
10. d

**Subukin**

1. pantangi
2. pambalana
3. pambalana
4. pambalana
5. pambalana
6. pantangi
7. pantangi
8. pantangi
9. pantangi
10. pambalana

**Subukin**

Tao- pulis, guro
Bagay- lapis, bulaklak
Pook- palengke, paaralang
Hayop- baka, aso
Pangyayari- kaarawan, pasko

**Isagawa**

1. Linggo
2. Enero
3. Baro at Saya
4. Dr. Jose P. Rizal
5. Rodirigo R. Duterte

**Tayahin**

*(Magkakaiba ang sagot)*

**Karagdagang Gawain**

1. Jose Rizal – pantangi
2. Kuting- pantangi
3. Bansa-pambalana
4. Pagdiriwang- pambalana

# *Sanggunian*


Dayag, A. M. (2008). *Pluma 3 Wika at Pagbasa sa BatangPilipino (Ikalawang Edisyon).* Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Jovellano,L. A. (2008). *Pluma 2 Wika at Pagbasa sa Batang Pilipino (Ikalawang Edisyon).* Quezon City:Phoenix Publishing House, Inc.

Julian, A. G. (2007). *Pluma 1 Wika at Pagbasa sa BatangPilipino (Ikalawang Edisyon).* Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Marcelino, Elisa S. (2020). May-akda

*quizizz.* (n.d.). Retrieved from quizizz.com: https://quizizz.com/admin/quiz/5b44893f0336c60019d7f982/pangngalan-pantangi-o-pambalana

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph